

“Ang Mga NAGWAWAGI Ay Laging Pumupunta Sa Isang ESPESYAL Na Lugar… Ako Ay Tutungo Sa LANGIT.”

I Am...
going to heaven - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 5 of 6-MLP Cat No 385527

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ako ay



## PATUNGO SA LANGIT

# Ako ay patungo sa langit

Ang mga nagwawagi (sa isang paligsahan) ay laging pumupunta sa isang espesyal na lugar. Ang Disney, isang sikat na pasyalan sa Amerika, ay gumagastos ng malaking halaga upang sabihin ng mga atleta na sila ay pupunta sa Disney World pagkatapos ng isang matagumpay na laro (halimbawa: Super Bowl o NBA championship). Pagkalipas ng isang linggo, makatatanggap ang mga "news agencies" ng sipi ng mga "video clips" ng mga nagwaging atleta habang sila ay aliw na aliw sa nasabing pasyalan.

Ang babasahing ito ay hindi tungkol sa Disney World o sa alinmang pasyalan o bakasyunan. Ngunit nais kong sabihin sa iyo ang tungkol sa aking patutunguhang lugar sa pagwawakas ng lahat ng mga pagpapagal at kahirapan ng buhay. Ako ay tutungo sa langit! Natitiyak ko ito kung paanong natitiyak kong ako ay may buhay at hininga.

Makikita mong ang langit ay higit na mainam kaysa Disney World, pamamasyal sa "beach", o sa kung anumang bakasyong iniisip natin. Sinasabi sa atin ng Diyos na sa langit ay papahirin niya ang mga luha sa ating mga mata. Doon ay wala nang anumang pagluha o sakit. Doon ang kamatayan ay maglalaho. At ang lahat ng problemang mayroon tayo rito ay mawawala.


Masarap pakinggan, hindi ba? Totoo ito! Patungo ako roon, at lubos ang aking katiyakang tutungo ako roon. Maaaring iniisip mong kahambugan ito. Ngunit hindi ako naniniwalang tutungo ako sa langit dahil sa aking pagsisikap. Hindi ako mabuti kaysa sinuman.

Ang aking pagtungo sa langit ay kaloob sa akin ni Jesus. Hindi magiging sapat kailanman ang aking pagsisikap upang ako ay makapasok sa langit, ngunit ipinagkakaloob ito sa akin ni Jesus dahil iniibig niya ako. May lugar ako sa langit dahil pinagsikapan ito ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang ganap na pamumuhay at sa pamamagitan ng kanyang kamatayan. Itinatala niya bilang sa akin ang kanyang ganap na pamumuhay. Ang kanyang kamatayan ay lubos na kabayaran sa Diyos para sa lahat ng aking kamalian, at pinawawalang-bisa o pinatatawad niya ang lahat ng aking mga kapintasan at pagkukulang - lahat ng aking mga kasalanan.

Ginawa ito ni Jesus para sa akin, bagamat hindi ako karapat-dapat. At ginawa niya ito para rin sa iyo. Itinatala rin niya bilang sa iyo ang kanyang buhay. Ang kanyang pagdurusa at kamatayan ang naging kabayaran para sa lahat ng hindi kayang bayaran ng salapi. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, binuksan ni Jesus ang langit para sa lahat ng tao - ikaw at ako - bawat isa.

Maliwanag itong sinabi ni Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6). Tutungo ako sa langit dahil kay Jesus. Siya ang "ticket" - ang tangi at nag-iisa. At siya rin ang iyong daan patungong langit.







## Ang langit ay kaloob sa akin ni Jesus